Sinuman ang makipaglaban sa landas ni Allah mula sa kalalakihan ng mga Muslim- sa mga oras na aabutin nang dalawang beses sa paggatas isang kamelyo,ay nararapat para sa kanya ang Paraiso,at sinuman ang nagtamo ng sugat para sa landas ni Allah o nagdusa dahil sa natamo nitong pinsala,darating sa Araw ng Pagkabuhay (na ang kanyang dugo) na mas marami pa kaysa dati nito,ang kulay nito ay magmumula sa kulay ng Saffron,at ang amoy nito ay tulad ng pabango

Ayon kay Muaz-malugod si Allah sa kanya-buhat sa Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagsasabi;((Sinuman ang makipaglaban sa landas ni Allah mula sa kalalakihan ng mga Muslim- sa mga oras na aabutin nang dalawang beses sa paggatas ng isang kamelyo,ay nararapat para sa kanya ang Paraiso,at sinuman ang nagtamo ng sugat para sa landas ni Allah o nagdusa dahil sa natamo nitong pinsala,darating sa Araw ng Pagkabuhay (na ang kanyang dugo) ay mas marami pa kaysa dati nito,ang kulay nito ay magmumula sa kulay ng Saffron,at ang amoy nito ay tulad ng pabango))
[Tumpak] [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad - Nagsalaysay nito si Imām Ad-Dārimīy]

Walang sinuman na Muslim na makikipaglaban sa landas ni Allah kahit sa konting oras lamang tulad nang oras sa pagitan ng dalawang beses na paggatas,at ang ibig sabihin nito ay,ang pagpapagatas sa kamelyo pagkatapos ay iiwan ito upang makapag-pasuso sa (batang kamelyo)Pagkatapos ay babalik siya upang suso(ng kamelyo) upang gatasan ito ulit;maliban sa mararapat sa kanya ang Paraiso,at sinuman ang masugatan sa landas ni Allah pagkataas-taas Niya,tulad nang sinumang nahulog sa kabayo nito pagkatapos ay nasugatan siya o napalo ng tabak o maliban pa doon kahit na ito ay nagtamo ng maliit na sugat lamang,darating siya sa kabilang buhay na ang sugat niya ay dadanak ito ng dugo na mas marami kaysa dati,na kulay nito ay magmumula sa kulay ng Saffron at lalabas rito ang napakabangong mga amoy na kasing-amoy ng pabango.